# Ika-25 ng Pebrero, 2025, Espesyal na Pangunahing Halalan sa Distrito 36 ng Senado ng Estado – Anunsyo ng Serbisyo Publiko

**Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng Kondado ng Orange ay dedikado sa pagprotekta sa karapatan ng bawat botante na bumoto nang madali at ligtas.**

SANTA ANA, CA – ika-30 ng Enero, 2025 – Nagsimula na ang pagboto sa ika-25 ng Pebrero, 2025, Espesyal na Pangunahing Halalan sa Distrito 36 ng Senado ng Estado.

Ang mga balota ay ipinadala sa lahat ng aktibong rehistradong botante sa Distrito 36 ng Senado ng Estado sa unang bahagi ng linggong ito.

Ang mga botante ay magkakaroon ng apat na opsiyon para bumoto sa panahon ng halalan na ito:

1. Ipadala ang balota sa o bago ang Araw ng Halalan (walang selyo na kinakailangan). Para sa mga lokasyon ng mailbox, bisitahin ang ocvote.gov/mail

2. Gumamit ng isa sa tatlumpu't anim na ligtas na drop box o apat na lokasyon ng drop off ng balota sa Distrito 36 ng Senado ng Estado. Para sa mga lokasyon, bisitahin ang ocvote.gov/dropbox

3. Ihulog ang balota nang personal sa alinmang Sentro ng Pagboto sa Distrito 36 ng Senado ng Estado. Para sa impormasyon sa lokasyon at mga oras, bisitahin ang ocvote.gov/votecenter

4. Bumoto nang personal sa alinmang Sentro ng Pagboto sa Distrito 36 ng Senado ng Estado.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Santa Ana ay mayroon ding drop box ng balota at available para sa lahat ng serbisyo sa botante para sa Distrito 36 ng Senado ng Estado.

Ang mga piling Sentro ng Pagboto sa Distrito 36 ng Senado ng Estado ay bukas sa ika-15 ng Pebrero. Ang mga karagdagang Sentro ng Pagboto ay magbubukas sa ika-25 ng Pebrero, 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Para sa buong listahan ng mga lokasyon at oras ng pagboto, bisitahin ang ocvote.gov/votecenter

Ang mga botante ay maaari ring tumawag sa aming Hotline ng Botante sa 888-OCVOTES o 888-628-6837 para sa higit pang impormasyon.

Ang iba pang mga detalye tungkol sa ika-25 ng Pebrero, 2025, Espesyal na Pangunahing Halalan sa Distrito ng Senado 36 ng Estado ay matatagpuan sa website ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng Kondado ng Orange (ocvote.gov/elections).

# # #

**Tungkol sa agapagrehistro ng mga Botante:**
Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ang responsable sa pagsasagawa ng mga halalan sa Kondado ng Orange, ang ikalimang pinakamalaking hurisdiksiyon sa pagboto sa United States na may 1.9 na milyong rehistradong botante. Kami ay isang ahensya ng Kondado, na tumatanggap ng pagpopondo mula sa Pangkalahatang Pondo ng Kondado at pana-panahong pagbabayad mula sa pederal na pamahalaan, Estado ng California, at mga lokal na hurisdiksiyon. Basahin ang higit pa >>

**Mga Kontak ng Media:**
Enedina Chhim
Tagapamahala ng Outreach ng Komunidad
714-567-5197
Mediasupport@ocvote.gov

**Pinagmulan:**
Tagapagrehistro ng mga Botante ng Kondado ng Orange

PAALALA SA MGA EDITOR: Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang page na Tungkol sa Amin o tumawag sa linya ng tulong ng media ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa 714-567-5197.